


Binhi Awards
2022 BEST AGRI-RELATED GOVERNMENT PUBLICATION

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG DEPARTMENT OF AGRICULTURE-PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

## 'ma, pa, ako naman

ISSN 2507-8933
Tomo 9, Blg. 3 | 2024
Pangatlong Isyu

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG DEPARTMENT OF AGRICULTURE-PHILIPPINE CARABAO CENTER

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

**Tomo 9, Blg. 3 | 2024**
Pangatlong Isyu
Hulyo-Setyembre



PATNUGUTAN

**Patnugot** ROWENA S. GALANG, MA. CECILIA I. MARIANO
**Tagapamahalang Patnugot** RONALINE C. CANUTE
**Manunulat** RONALINE C. CANUTE, FRANCE JOSEPH O. PASCUAL, REI-MAR D. AGUINALDO, JEREMIE MARINELLA S. LEDESMA, RODOLFO T. VALDEZ JR.
**Layout at Ilustrasyon** FRANCE JOSEPH O. PASCUAL
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RONALINE C. CANUTE
FRANCE JOSEPH O. PASCUAL
**Tagapayo** LIZA G. BATTAD



Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.



Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa kmd@pcc.gov.ph.



**DA-PCC NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** •Science City of Muñoz, Nueva Ecija•Telephone No.: (+63) (044) 456.0731•Email: oed@pcc.gov.ph **REGIONAL CENTERS: DA-PCC AT MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** Batac City, Ilocos Norte•Mobile No.: (+63) 919.224.9062 •Email: pcc-mmsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT CAGAYAN STATE UNIVERSITY** Tuguegarao City, Cagayan •Telephone No.: (+63) (078) 377.9315 •Email: pcc-csu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY** Rosario, La Union •Mobile No.: (+63) 920.982.9666 •Email: pcc-dmmmsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY** Science City of Muñoz, Nueva Ecija •Telephone No.: (+63) (044) 940 3061•Mobile No.: (+63) 968.853.5754 •Email: pcc-clsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES AT LOS BAÑOS** Los Baños, Laguna •Telephone No.: (+63) (049) 536.2729 •Email: pcc-uplb@pcc.gov.ph **DA-PCC AT VISAYAS STATE UNIVERSITY** Baybay City, Leyte •Mobile No.: (+63) 908.895.2461 •Email: pcc-vsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY** Calinog, Iloilo •Telephone No.: (+63) (033) 323.4781 •Mobile No.: (+63) 999.991.6115 •(+63) 928.945.7760 •Email: pcc-wvsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT LA CARLOTA STOCK FARM** La Granja, La Carlota City, Negros Occidental •Mobile No.: (+63) 919.006.8392 •Email: pcc-lcsf@pcc.gov.ph **DA-PCC AT UBAY STOCK FARM** Ubay, Bohol •Mobile No.: (+63) 997.111.7680 |(+63) 945.119.3998 •Email: pcc-usf@pcc.gov.ph **DA-PCC AT MINDANAO LIVESTOCK PRODUCTION CENTER** Kalawit, Zamboanga del Norte •Mobile No.: (+63) 912.784.4668 | (+63) 935.387.9652 •Email: pcc-mlpc@pcc.gov.ph **DA-PCC AT CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY** Maramag, Bukidnon •Mobile No.: (+63) 939.916.9719 | (+63) 966.645.6292 •Email: pcc-cmu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT UNIVERSITY OF SOUTHERN MINDANAO** Kabacan, North Cotabato •Mobile No.: (+63) 919.397.0872 | (+63) 920.621.9722 •Email: pcc-usm@pcc.gov.ph


## MGA NILALAMAN



3 Higit sa pagbubukid

8 'THE UDDER FARM: Kwento ng isang tatay na nagsanay, naghintay, at ngayo'y humuhusay sa kalabawan

10 'Ma, Pa, ako naman'

14 Ka.la.baw Milk Bar & Café: Bunga ng isang adbokasiya, ngayo'y patok sa masa

18 Carabao Health Caravan #TatakAlagangPCC


**PALIWANAG SA PABALAT**

"Ma, Pa, ako naman,"

Musika sa tainga ng mag-asawang carapreneurs na sina Michael at Rhea dela Pasion ang linyang ito ng kanilang panganay na si Reymark nang makatapos ito ng pag-aaral. Isang matamis na pangako ng isang anak na naging saksi sa sakripisyo ng kanyang mga magulang upang sila ay maitaguyod sa kanilang pag-aaral.

LARAWANG KUHA NI **REI-MAR D. AGUINALDO**

# HIGIT SA *pagbubukid*




NI **FRANCE JOSEPH O. PASCUAL**
LARAWANG KUHA NI **REI-MAR D. AGUINALDO**

**Kung tatanungin ang mga magsasaka sa Cebu kung ano ang kalabaw, maaari na ang maririnig na sagot ay isa itong hayop na masipag at todo-kayod sa bukirin. Nguni't para kay Daleng, gusto niyang magbago ang ganitong kaisipan ng mga Cebuano pagdating sa iba pang kayang ibigay ng kalabaw sa kanilang pamumuhay.**

Nang maupo bilang Chief Executive Officer (CEO) ng First Consolidated Cooperative Along Tañon Seaboards (FCCT) noong 2020 si Magdaleno T. Bargamento o kilala bilang Sir Daleng, naging interesado siya sa pagkakalabaw. Bukod sa mga serbisyong savings, credit at microfinance ng FCCT. isa ang dairying sa mga negosyo ng koop. Pero hindi naging madali ang tinahak ng FCCT upang marating nila ang tagumpay sa dairying.

## Oportunidad sa likod ng sakuna

Nagsimula ang FCCT bilang isang consolidating koop ng Atlas Consolidated Mining Development Corporation (ACMDC) at Don Andres Soriano Credit Cooperative, Inc. (DASCCI) noong 1999 na may programang microfinance at 30 miyembro. Noong 2003, sumapi naman ang Asturias Peoples Multipurpose Cooperative (APMPC) na nagpalawak sa saklaw ng operasyon ng FCCT mula Sibulan hanggang Escalante City sa Negros at mula Santander hanggang Daan Bantayan sa Cebu, kasama ang Bantayan Island.

Sumabak sa carapreneurship ang FCCT noong panahon ng pandemya, nguni't tatlong beses na nakatanggap ng rejection sa kahilingang makakuha ng mga kalabaw mula sa DA-PCC. Lumipas ang ilang buwan, matapos matugunan ang lahat ng requirements, ay ipinagkaloob din ng DA-PCC sa Ubay Stock Farm (DA-PCC sa USF) ang 20 na kalabaw noong Pebrero 2022.

"*Nang na-evaluate ng DA-PCC sa USF ang performance ng FCCT, that was the time that they realized that we are worthy to receive the carabaos,*" wika niya. Buhat noon ay nagsikap na ang FCCT na ialok na sa mga magsasaka sa Cebu at sa mga karatig-lugar sa Visayas na pagkakitaan ang kalabaw.






**18 NA SANGAY NG FCCT**

**CEBU ISLANDS (12)**
Balamban | Bogo
Cantabaco | Carcar
Daanbantayan | Lutopan
Madridejos | Pinamungajan
Sangi | Santander
Tabuelan | Tuburan

**NEGROS ISLANDS (5)**
Calatrava | Escalante
Guihulngan | Manjuyod
San Carlos

**BOHOL (1)**
San Miguel

> **When you say ang kalabaw ay pwedeng gatasan, wala 'yan sa mindset ng mga farmers kasi ang mindset nila, ang kalabaw ay isang working animal lang. Kaya naging mahirap ang pagkumbinsi namin sa kanila. Pero nagbago ang pananaw nila nang makarinig sila ng kwento ng mga successful dairy farmers.**




**MAGDALENO T. BARGAMENTO**
CEO, FCCT

> **Bukod sa dairying, we have other businesses for the production of cacao, chicken and swine breeding, at Takakura fertilizer. Kung andyan na 'yan sa farmer, mapagtatanto nila na hindi na nila kailangang lumabas para madagdagan ang kanilang kita.**

## Pakikibaka sa kalabaw

Hindi naging biro ang tinahak nila upang makamit ang sustainability sa dairying lalo na't nagsimula sila noong panahon ng pandemya. "*Noong nakakuha kami ng kalabaw, 'yong mga staff namin ang nangongolekta ng gatas sa mga farmers since limited ang movement noong pandemic at saka pinoproseso namin ito for distribution sa mga schools,*" aniya. Nakatulong din ang pagka-cluster ng mga ibinabahaging kalabaw na nagpadali sa monitoring at visitation ng koop sa mga maggagatas. Kinalaunan, unti-unti ring lumawak ang negosyong gatasan ng koop na nag-udyok sa pagtatayo ng Dairy Box sa Tuburan City sa Cebu.

Naging balakid din ng koop na pangaralan ang mga magsasaka na hindi lang pambukid ang mga kalabaw. Wika niya, "*When you say ang kalabaw ay pwedeng gatasan, wala 'yan sa mindset ng farmer kasi ang mindset nila ang kalabaw ay isang working animal lang.*" Dagdag pa niya, naging mahirap ang pagkumbinsi sa mga farmers, pero nagbago ang pananaw nila nang makarinig sila ng kwento ng mga successful dairy farmers. Nahikayat din silang mag-alaga ng kalabaw dahil nalaman na nila kung gaano kataas ang income sa paggagatas kumpara sa paggamit ng kalabaw bilang working animal.

Isa ring solusyon na naisip ng FCCT upang mas mahikayat ang mga magsasaka na mag-alaga ng kalabaw ay ang pagbibigay ng dagdag na serbisyo kasabay ang pag-aalaga ng kalabaw. "*Bukod sa dairying, we have a strategy to complement with additional services gaya ng cacao, chicken and swine breeding, at paggawa ng Takakura fertilizer,*" sabi niya. Paliwanag pa ni Daleng, "*Kung andyan na yan sa farmer, mapagtatanto nila na hindi na nila kailangang lumabas at magtrabaho ng iba pang serbisyo upang madagdagan lang ang kita.*" Naisip ding solusyon ng koop na magbigay ng pagsasanay, kasama ang DA-PCC, na turuan ang mga anak ng mga farmers sa carabao's meat and milk processing para hindi lang pag-aalaga ang alam nila pati na rin ang paggawa ng iba't ibang produkto mula rito.



# First Consolidated Cooperative Along Tañon Seaboards

### LENDING SERVICES

- Microfinance
- GROWCap Loan
- Stability Loan
- EXPANSE Loan
- BLOWER Loan
- BeLL Strategy

### SAVINGS SERVICES

- WISE Deposit
- FAST Savings
- Multiplier Deposit
- PESO Savings

### INSURANCE SERVICES

- Loan Protection Plan (LPP) Insurance
- Life-Savings

### AGRIBUSINESS SERVICES

- **Short Term** (Poultry, Meat, & Egg)
- **Medium Term** (Swine Breeding & Fattening)
- **Long Term** (Dairying & Cacao)

### St. Miguel Agustin Pro (SMAP) Learning Center

### FCCT Spring Water Refilling Station

## Tulong sa masa

Ayon kay Daleng, malaki ang tulong ng dairying sa FCCT dahil dito tumaas ang bilang ng miyembro ng koop at dumami ang portfolio nila sa agribusiness. Naging tanyag na rin ang koop sa dami ng social investments nito sa pagkakaroon ng access funding sa online lending galing sa CARE Australia at CARE UK para sa mga magsasaka. "*Before, we just provide credit and savings, now we also offer agribusiness services in Visayas,*" pagmamalaki niya.

Taos-pusong nagpapasalamat din ang koop sa DA-PCC sa mga isinagawa nitong mga pagsasanay na naghikayat sa mga magsasaka sa Cebu na tangkilikin at ipagpatuloy ang pangangalaga ng kalabaw. Dahil din sa pag-endorso ng DA-PCC, nakilala sila bilang accredited koop ng Agricultural Training Institute (ATI), Technical Education And Skills Development Authority (TESDA), at Civil Society Organization (CSO) sa national level. Nitong taon, iniimbita namang maging member ang koop sa Agricultural and Fishery Council (AFC) dahil nadama ng ahensya ang dedikasyon ng koop na tulungan ang mga farmers sa kanilang pagsasaka, ayon kay Daleng.

Ngayon, may 18 na branches na ang koop, 15,190 miyembro at bilang ng total asset na PHP990 milyon at capital buildup na PHP140 milyon. Katuwang rin ng DA-PCC ang FCCT sa pagsusuplay ng gatas para sa feeding program sa mga isla ng Bohol, Cebu, at Negros.

Tunay ngang hindi nakukuha sa pagsisikap ng isa ang tagumpay ng isang koop. Para kay Daleng, mahalaga ang kooperasyon ng bawa't magsasaka, konsyumer, at iba pang koop sa dairy value chain upang hindi lang makilala ang kalabaw bilang lakas kundi isang maaasahang daluyan ng kita at hanapbuhay. K

# 'THE UDDER FARM'

## KWENTO NG ISANG TATAY NA NAGSANAY, NAGHINTAY, AT NGAYO'Y HUMUHUSAY SA KALABAWAN

NI **RODOLFO T. VALDEZ JR.**

*"I am a proud graduate of FLS-DBP!"*

Ito ang matamis na salita ni Fidelito G. Dorado, 55, ng President Roxas, Cotabato habang siya ay nagbabalik tanaw sa kanyang naging paglalakbay sa pagkakalabawan buhat nang magtapos sa Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) na isinagawa ng DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) noong 2022.

Ang FLS-DBP, isang inisyatiba ng DA-PCC sa pakikipagtulungan ng Livestock Research Division ng Department of Science and Technology-Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD), ay naglalayong mapabuti ang pamamahala ng mga gatasang kalabaw sa bansa sa pamamagitan ng mga angkop na teknolohiya para sa mga magkakalabaw.

### Ang pagsasanay tungo sa tagumpay

Simula pa noon, agrikultura na ang nakagisnang buhay ni Tatay Fidel—sanay magtrabaho sa lupa, magtanim ng mga prutas, at mag-alaga ng mga hayop. Tanda ng kanyang kayumangging kutis ang matagal na pakikibaka sa ilalim ng araw at ulan. Sa kabila ng mga pagbabago sa teknolohiya at mga hamon sa agrikultura, nanatiling matatag si Tatay Fidel sa kanyang tungkulin. Para sa kanya, ang pagsasaka ay hindi lang isang hanapbuhay, kundi isang pamana at misyon na magbigay-buhay sa kapwa.

Noong taong 2019, nagsimulang umugong ang programang pagkakalabawan sa kanilang bayan. Laman ng mga balita ang pagbibigay ng mga gatasang kalabaw, pagsasanay sa pag-aalaga ng mga ito, pagpapatayo ng 'Dairy Box', at mga benepisyo mula rito.

Isa si Tatay Fidel sa napili ng DA-PCC sa USM at Sta. Catalina Multi-Purpose Cooperative (SCMPC) na sumailalim sa FLS-DBP noong 2022. Isa sya sa 20 na mga kalahok na nagtapos sa humigit-kumulang 34 na linggong pagsasanay na may mga paksa at aralin tungkol sa pagkakalabawan. Hindi tulad ng mga tradisyunal na pagsasanay, 'bite size' ang hatid ng FLS-DBP na mga impormasyon para sa mas madaling pag-unawa o pagkatuto.

*"Hindi na tayo bumabata. Dapat makapili tayo ng swak na programa, hindi lang para sa'tin kundi para sa ating pamilya. Maraming proyekto na dapat pasukan pero ang tanong lang doon, saan pinakamalapit ang puso mo? Mahirap lahat pero mas madali siya kung sa simula pa lang, tama na ang mindset mo at tama na ang desisyon mo,"* kwento ni Fidel.

Aniya, simula noon ay isinapuso na niya ang bawa't paksa ng FLS-DBP tulad ng mga paraan ng pagpapakilos ng komunidad para sa pagpapaunlad ng kalabaw, tamang pag-aalaga sa gatasang kalabaw, pagnenegosyong salig sa kalabaw, at pagpili sa mga angkop na teknolohiya sa bawa't indibidwal.

Bago mabiyayaan ng kalabaw si Tatay Fidel, tiniyak niya munang tama, angkop, at handa na ang kanyang bukirin. Tulad ng itinuro sa kanila ng mga farmer-facilitators ng FLS-DBP, nagtanim siya ng improved forages, naghanda ng malinis na mapagkukunan ng tubig, at nagtayo ng tamang pabahay.

*"Kung mapapansin niyo—ang housing ko, that was designed from FLS-DBP lecture. Kinuha ko to the smallest detail kahit 'yong pagtimpla ng semento. Kung hilaw 'yong semento, maaaring masira at maperwisyo ang mga kalabaw. Quite expensive siya, pero 20 years ang lifespan, bawing-bawi pa rin,"* saad niya.

Hindi naglaon, nabiyayaan si Tatay Fidel ng gatasang kalabaw noong Enero 2023. Labis ang naging tuwa niya nang maigawad sa kanya ng DA-PCC sa USM at SCMPC ang sampung gatasang kalabaw na dati'y pinag-aaralan lang niya sa kanilang pagsasanay. Sa katunayan, pinangalanan n'yang 'The Udder Farm' ang kanyang bukirin bilang tanda na magiging progresibong milk production site ito.

Tulad ng lahat ng mga sumusuong sa pagnenegosyo, hindi naging madali ang pagsisimula ng 'The Udder Farm'. Nariyan ang mga pagsubok tulad ng pagbubuntis ng mga kalabaw, dekalidad na produksyon ng gatas, at maging ang market nito.

*"Lahat ng sitwasyon ay unique katulad ng iba na gustong mag-alaga pero wala naman silang pagtataniman o mayroon naman silang lupa pero hindi naman maka-construct ng bahay. O kaya may lupa sila, may bahay pero wala naman silang pasensya para mag-work 'yong project."* Aniya, *"hindi overnight mayroon agad income sa kalabawan."*



Dagdag pa ni Tatay Fidel, *"Hindi kami iniwan ng DA-PCC sa proyektong ito, nariyan sila parati sa likod namin para tulungan kami. Pero syempre, dapat hindi lang tayo aasa sa iisang agency."*

Dagdag pa niya, *"Dapat marunong ang mga magsasaka na mag-benchmark sa mga kapwa nila maggagatas upang sa gayon ay matuto tayo sa mga best practices at mga experiences nila,"* dagdag pa niya.

Sa ngayon, isa na ang The Udder Farm sa nagsusupply ng gatas sa SCMPC upang gawing dekalidad na produkto ng Dairy Box – Pres. Roxas at sa milk feeding program nito sa Region XI at Region XII.

Tunay nga na kahit may mga hamon siyang kinakaharap, pananalig at tamang kaalaman ang mga sandigan ni Tatay Fidel para patuloy na paghusayin ang pagkakalabawan.

**"Hindi na tayo bumabata, dapat makapili tayo ng kabuhayang swak hindi lang para sa'tin kundi para sa buong pamilya.**



# 'ma, pa, ako naman'

NI **RONALINE C. CANUTE**
LARAWANG KUHA NI **REI-MAR D. AGUINALDO**

Isang pangkaraniwang bata sa probinsya na ang mundo ay uminog sa kanilang munting bukirin. Naging katuwaan ang maglaro ng lupa, maligo sa ulan, at sumakay sa kalabaw. Ang dating musmos ay isa na ngayong propesyonal na nagsisikap at nangangarap bilang isang huwarang kabataang haligi ng sektor ng agrikultura sa hinaharap.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA



MULA SA PAHINA 10

# Ma, Pa, ako naman

*"Mama, it's payback time na!"*

Ito ang binitiwang pangako ni Reymark dela Pasion, anak ng mag-asawang magkakalabaw sa Bongabon, Nueva Ecija na sina Michael at Rhea dela Pasion.

Panganay sa apat na magkakapatid, si Reymark ay nakapagtapos ng Bachelor of Science in Agriculture, major in Animal Science sa Central Luzon State University (CLSU) noong July 19, 2024. Buong puso niyang ipinagmamalaki ni siya ay anak ng carapreneur at nakapagtapos dahil sa gatas ng kalabaw.

Bago makamit ang inaasam-asam na diploma, ang pamilya ni Reymark ay dumaan sa isang mahirap nguni't makabuluhang paglalakbay sa pagkakalabaw.

Sa pagsasaka ng mais at sibuyas nabuhay ang kanyang pamilya nguni't madalas ay wala silang naiipong kita hanggang sa maipakilala sa kanila ang Carabao Development Program noong 2018. Dahil sa nakitaan ng kanyang ama ng potensyal ang pagkakalabaw bilang isang sustainable livelihood, pinagsikapan nilang mag-asawa na magsanay sa pag-aalaga ng mga kalabaw. Sa katunayan, nagsilbing chairperson ng kanilang kooperatiba ang kanyang ama.

*"Kung wala ang mga gatasang kalabaw, hindi makakapag-aral ang mga anak namin. Napakalaking tulong po talaga ang biyayang hatid ng gatasang kalabaw,"* ani Michael.

Sa paglipas ng panahon, nakamit nila ang matagal nilang pangarap—ang magkaroon ng bastanteng kita. Unti-unti na ring naramdaman ni Reymark at ng kanyang mga kapatid ang maginhawang buhay.



**"Minsan, tinanong ako ng aking guro kung ipagpapatuloy ko ba ang legasiya ng aking ama sa pagkakalabawan, ang sagot ko ay hindi—hindi ko lang ipagpapatuloy dahil mas idedevelop ko pa.**

*"Nakikita ko ang aking ina na bumibili ng mga bagong gamit sa bahay tulad ng TV, refrigerator, at nagpa-connect ng internet para mapadali ang pag-aaral namin. Napuno ng mga appliances ang loob ng aming bahay. Nguni't ang pinakamalaking achievement namin na natupad dahil sa gatasang kalabaw ay ang house renovation,"* ani Reymark.

Wala talagang plano si Reymark na magtuloy sa kolehiyo pagkatapos ng kanyang senior highschool. Aniya ay sapat na sa kanya ang kanyang natapos nguni't iminungkahi ng kanyang ina ang pagkuha ng kursong Animal Science sa CLSU.

*"Aaminin ko na noon, ginagawa kong rason ang pag-aaral para makatakas sa mga trabaho sa bukid. Nguni't noong nag-college ako, nakita kong maganda pala ang agrikultura na hindi ko noon nakita. Mother knows best pa rin talaga!"* nakangiting saad niya.

Sinabi rin niyang hindi siya nahirapan sa kanyang kurso dahil unang naging guro niya ang kanyang ama sa pag-aalaga ng hayop.

*"Dahil sa mga trainings ni papa, naituturo niya sa akin ang mga technique sa pag-aalaga. Kapag mayroon akong hindi naintindihan sa mga practical activities namin, sa kanya agad ako nagpapatulong,"* ani Reymark.

Dagdag pa niya, nakatulong ng malaki ang mga gawain niya sa kanilang farm para maging matagumpay ang kanyang pag-aaral sa kolehiyo.

*"Minsan, tinanong ako ng aking guro kung ipagpapatuloy ko ba ang legasiya ng aking ama sa pagkakalabawan, ang sagot ko ay hindi—hindi ko lang ipagpapatuloy dahil mas idedevelop ko pa,"* nakangiting pagkukwento niya.

Sa ngayon, si Reymark ay nagtatrabaho sa isang pribadong kompanya sa Pangasinan bilang farm supervisor.

Bilang isang anak, proud siya sa kanyang mga magulang dahil sa kanilang pagsusumikap sa pagkakalabaw na nagbigay sa kanya ng oportunidad na makapag-aral at makamit ang kanyang mga pangarap.

*"Sabi ni Reymark sa'min, payback time na raw at siya naman daw ang tutulong para masustentuhan ang pag-aaral ng kanyang mga kapatid,"* proud na sabi ng kanyang amang si Michael. Ⓚ



# Ka.la.baw Milk Bar & Café

## BUNGA NG ISANG ADBOKASIYA, NGAYO'Y PATOK SA MASA

NI **REI-MAR D. AGUINALDO**
LARAWANG KUHA NI **FRANCE JOSEPH O. PASCUAL**

"Tara kape tayo!" 'Yan ang madalas nating marinig lalo na sa panahon ngayon dahil umulan man o umaraw, kape na may gatas ang isa sa mga paboritong inumin ng mga Pilipino kaya naman patok na patok ang mga café o coffee shop bilang negosyo.









Ayon sa 2017-2022 Philippine Coffee Industry Roadmap ng Department of Agriculture, sa paglipas ng mga taon ay patuloy ang paglago ng industriya ng coffee shop businesses sa Pilipnas, patunay lamang ito na dumarami na ang tumatangkilik sa mga inuming gawa sa kape. Kasabay ng paglago ng industriya ng kape ay ang pagtaas din ng demand sa gatas dahil hindi makukumpleto ang paborito ng karamihan na iced coffee at hot coffee kung walang gatas. Pangunahing sangkap din ito ng iba pang inumin tulad ng fruit shakes at frappes na kadalasan ay ibinebenta rin sa mga café at coffee shops.

Kung gaano katapang ang kapeng puro ay ganoon din katapang ang negosyanteng si Mara Isabel M. Ferraris, na 34 taong gulang nang subukan ang isang negosyong walang kasiguraduhan.  Ang pagnanais ni Mara na magtayo ng kanyang sariling coffee shop business ay nag-umpisa lamang sa isang adbokasiya na naglalayong isulong ang pag-inom ng gatas ng kalabaw lalo na sa mga kabataan.

Bukod sa kape at gatas ng kalabaw ay mayroon din silang ibang mga produkto tulad ng kesong puti at pastillas. Maliban dito ay mayroon din silang tindang snacks tulad ng quesadilla, fries at pizza. Paboritong itambal sa mga ito ang milkshakes, iced drinks, coffee frappés, at flavored juices.



**MARA ISABEL M. FERRARIS**
OWNER, KA.LA.BAW MILK BAR & CAFE



> Para kay Mara, bukod sa gatas ng kalabaw ang kanilang pangunahing produkto, pinili niyang ipangalan ang shop sa "kalabaw" para makaakit ng madaming tao dahil alam niya, kapag naririnig ang "Kalabaw Café and Milk Bar" ay siguradong makakahakot ito ng atensyon dahil bago ito sa pandinig at kakaiba.

## Adbokasiya

Nag-umpisa lang sa pagbebenta ng bote-boteng gatas ang pamilya nina Mara dahil noon pa man ay mayroon silang dairy farm. Ang kagustuhan ni Mara na maisulong ang gatas ng kalabaw ay hindi lamang natatapos sa pagbebenta nito kung kaya nag-isip siya ng iba pang paraan para mas mapalaganap pa ang maraming benepisyong hatid ng gatas ng kalabaw. "Nag-isip talaga ako ng way to innovate on how we promote carabao's milk, so ang target market ko talaga dito ay 'yong mga hindi namin ma-reach sa bote-bote naming pagtitinda—ito 'yong mga Gen Z o mga teenagers," saad ni Mara.

Dagdag pa niya, may mga nakakasalamuha siyang hindi pa nakakaalam tungkol sa gatas ng kalabaw at karamihan dito ay mga kabataan, kaya naman mas tumindi ang kagustuhan niyang isulong ang pag-inom ng gatas ng kalabaw.

Ang kahanga-hangang determinasyon ni Mara na makilala ng marami hindi lang ang kanyang negosyo kundi pati na rin ang gatas ng kalabaw ay isa lamang sa kanyang adbokasiya. Isa rin sa isinusulong niya ang pagsuporta sa ating mga lokal na produkto kaya naman halos lahat ng mga kagamitan sa kanyang milk bar ay gawang lokal. Nais ni Mara na makahikayat ng iba pang mga nagnanais na subukan ang isang negosyo na tulad ng kanya. "Kapag feeling niyo na kaya niyo, i-go niyo na! If you feel confident na sa capacity mo at sa ideas mo, gawin niyo na agad, huwag na kayong maghesitate," saad ni Mara.

## Pagsubok

Sa kabila ng kanyang trabaho bilang isang sales engineer ay hindi mawawala ang pagnanais ni Mara na subukan ang isang negosyong ngayo'y patuloy na lumalago at nakikilala ng maraming tao. Bilang abala sa kanyang trabaho ay naging katuwang niya ang kanyang asawa sa pamamahala sa kanyang negosyo, lalo na noong unang taon pa lang nito.

Ang isa pa sa mga naging mahirap para kay Mara ay paghahanap ng tauhan. Batid ni Mara na mahirap talaga ang paghahanap ng mapagkakatiwalaan, lalo na't minsan lang siya makadalaw sa kanyang café dahil sa kanyang trabaho. Nguni't, sa tatlong taon nang nakatayo ang kanyang negosyo ay ipinagpapasalamat niyang responsable at maalam nang mga nahanap niyang katuwang sa pagpapatakbo ng kayang negosyo.

Ang Ka.la.baw Milk Bar & Café ay matatagpuan sa Buhay na Sapa, San Juan, Batangas. Mas pinili niya na hindi sa bayan magpatayo ng cafe dahil walang sapat na espasyo para sa parking lot. Naging pagsubok din para sa kanya kung ano pa ang maaari niyang idagdag na produkto sa kanyang café bukod sa gatas ng kalabaw.

## Plano

Pinatunayan ni Mara na hindi balakid ang pagiging abala sa kanyang trabaho upang tugunan ang pangangailangan ng kanyang negosyo. Sa kabila nito ay madami pa siyang mga plano sa hinaharap at isa na rito ang buksan ito para sa franchise. "Ang franchise business kasi mata-tap mo 'yong mga areas na wala kang koneksyon using the franschisor para mas mai-promote 'yong gatas ng kalabaw," aniya.

"Ang purpose talaga namin is to help the Philippine Carabao Center to market and promote carabao's milk," saad ni Mara. Sinong mag-aakala na ang isang negosyante ay ipapangalan ang "kalabaw" sa kanyang negosyo? Para kay Mara, bukod sa gatas ng kalabaw ang kanilang pangunahing produkto, mas pinili niya ang pangalang "kalabaw" upang makaakit ng madaming tao na subukan ang kanilang produkto dahil kapag narinig ang "Ka.la.baw Café & Milk Bar" ay bago ito sa pandinig at kakaiba.

Ang kwento ni Mara ay isang patunay lamang na kapag mahal mo ang ginagawa mo at may mabuti kang hangarin ay mapagtatagumpayan mo ito. Ⓚ




# KA.LA.BAW
MILKBAR & CAFE

Ka.la.baw | San Juan, Batangas + Silang, Cavite

### MILKSHAKE

| | 12oz | 16oz |
|---|---|---|
| Strawberry | 175 | 210 |
| Blueberry | 175 | 199 |
| Mango | 175 | 190 |
| Melon | 175 | 190 |
| Chocolate | 175 | 195 |
| Salted Caramel | 185 | 220 |
| Bubblegum | 190 | 230 |
| Matcha | 190 | 220 |
| Vanilla | 185 | 220 |
| Avocado | 190 | 250 |
| Blueberry Cheesecake | 195 | 265 |

### COFFEE FRAPPE

| | | |
|---|---|---|
| Espresso | 165 | 195 |
| Hazelnut Mocha | 185 | 225 |
| Peppermint Mocha | 190 | 220 |

### LOCAL JUICE

| | 16oz | 22oz |
|---|---|---|
| Mango Juice | 170 | 190 |
| Lemonade 0 sugar | 99 | 120 |
| Dalandan | 99 | 120 |

### ICED DRINKS

| | 12oz | 16oz |
|---|---|---|
| Dino Chocolate | 155 | 185 |
| Strawberry | 145 | 180 |
| Blueberry | 145 | 180 |
| Melon | 150 | 185 |
| Mango | 155 | 195 |
| Matcha | 175 | 195 |

### ICED DRINKS

| | | |
|---|---|---|
| White Chocolate Mocha | 190 | 240 |
| Caramel | 170 | 230 |
| Cafe Mocha | 165 | 220 |
| Americano | 90 | 120 |
| Latte | 150 | 190 |

### HOT COFFEE

| | 8oz | 12oz |
|---|---|---|
| White Chocolate Mocha | 155 | 175 |
| Caramel | 155 | 170 |
| Cafe Mocha | 145 | 160 |
| Americano | 80 | 95 |
| Latte | 90 | 110 |

### ADD-ONS

| | |
|---|---|
| Rock Salt & Cheese | 30 |
| Sauce/Syrup | 30 |
| Espresso | 25 |
| Milk | 25 |

### PASALUBONG KALABAW PRODUCT

| | |
|---|---|
| Kesong Puti | 150 |
| Pastillas | 150 |
| 1L Fresh Milk | 230 |
| 1L Chocolate Milk | 250 |
| 500ml Fresh Milk | 150 |
| 500ml Chocolate Milk | 150 |

### PASALUBONG REGULAR PROMOS

| | |
|---|---|
| Buy 2 - 1 Liter | 450 |
| Buy 2 - 500ml | 270 |
| Buy 2 - Pastillas | 270 |

### SNACK & RICE MEAL

| | |
|---|---|
| Cheesy Quesadilla | 145 |
| Pork Shrimp Siomai 8pcs | 90 |
| Pizza Keso | 180 |
| Pizza Bacon & Ham | 205 |
| Pizza Longganisa & Spinach | 210 |
| Pizza Adobo | 210 |
| French Fries (Cheese / Sour Cheese / Barbeque) | 148 |

* PRICELIST AS OF SEPTEMBER 2024

# CARABAO HEALTH CARAVAN #TatakAlagangPCC

NI **JEREMIE MARINELLA S. LEDESMA**

Sa gitna ng COVID-19 pandemic, maraming aspeto ng buhay ang nagbago—isa na rito ang sektor ng agrikultura. Nakaapekto ito sa food supply chains dahil sa mga labor shortages at backlogs na sanhi ng mga restriksyon ng COVID-19. Hindi rin nakaligtas ang ekonomiya ng bansa, dahil bumaba ang purchasing power ng mga indibidwal, nagkaroon ng pagbagsak sa produksyon, benta at pagkalugi ng mga producers o suppliers. Maliban dito, nagkaroon din ng kakulangan sa mga serbisyong beterinaryo at pagsubaybay sa kalusugan at reproduksyon ng hayop.





Kritikal at mahalaga ang serbisyong beterinaryo upang masuri at matiyak na ang mga kalabaw ay walang sakit at nasa mabuti at magandang kondisyon. Ang maayos na pangangalaga ng kalabaw ay nagreresulta sa mataas na produksyon at kita, at nakatutulong din sa pag-iwas sa pagkalat ng mga sakit na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng tao at sa kalidad ng produkto mula sa kalabaw, tulad ng karne at gatas.

## Serbisyo para sa kalabaw

Ang DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC), bilang isang ahensya sa ilalim ng Department of Agriculture (DA), ay may mandato na pangalagaan, paramihin, at itaguyod ang lahi ng kalabaw para sa karne, gatas, balat at lakas nito para mapakinabangan ng mga magsasaka.

Bahagi ng programa ng DA-PCC sa carabao development ay ang Genetic Improvement Program (GIP), na may layunin na mapaganda ang kalidad ng lahi ng mga kalabaw upang tumaas ang potensyal nito sa produksyon ng gatas at karne. Dahil dito, kritikal na masubaybayan ang estado ng mga hayop para sa epektibong pag-aalaga at pagtiyak ng kalusugan.

Upang maibsan ang problemang dulot ng pandemya sa mga isyung pangkalusugan ng mga kalabaw, isinagawa ng DA-PCC sa University of the Philippines Los Baños (DA-PCC sa UPLB) ang Carabao Health Caravan (CHC) program noong 2021, sa pangunguna ni Dr. Jessica Gay M. Ortiz, farm superintendent II ng DA-PCC sa UPLB.

"*Ginawa natin ang CHC, katuwang ang mga LGU, upang regular at mabilis ang paghahatid ng serbisyong beterinaryo sa ating mga magkakalabaw. Kasabay nito ay naipopromote din ang ating mga kooperatiba,*" ani Dr. Ortiz.

Kabilang sa mga libreng caravan ang konsultasyon at gamot, pagpupurga (deworming), pagbibigay ng bitamina at bakuna (kung available). Dagdag pa rito ang pregnancy diagnosis (PD), ovarian palpation, pagsasagawa ng sabayang paglalandi o estrus synchronization (ES), at pagsusumpit o artificial insemination (AI). Maliban dito, mayroon ding serbisyong pangkawan tulad ng ear tagging at imbentaryo. Ang mga serbisyong ito ay isinasagawa sa loob ng dalawa hanggang tatlong araw.

Unang naisagawa ang programa sa mga bayan ng Magdalena, Laguna; Rosario, Batangas; at General Trias, Cavite. Katuwang ng DA-PCC ang Office of the Provincial Veterinarian (OPV), Municipal Agriculturist Office (MAO) ng mga lokal na pamahalaan (LGU), at ang mga village-based artificial insemination technicians (VBAITs).

"*Malaki ang naitulong ng CHC sa mga beneficiaries ng programa dahil sa layunin nitong magkaroon ng magandang kalusugan ang mga alagang kalabaw. Kapag maganda ang kalusugan ng kalabaw, makakapag-produce ito ng high-quality na gatas na pinagmumulan ng kita at nakatutulong sa kabuhayan ng mga magkakalabaw sa Magdalena,*" ani Norberto B. Licong Jr., municipal agriculturist ng Magdalena, Laguna.

Kabilang ang Magdalena, Laguna sa mga bayang regular na pondo at nagsagawa ng CHC sa kani-kanilang lugar.

Sa mga nakaraang taon (mula 2022-2023), halos 671 na magkakalabaw at 1,810 na kalabaw ang nakinabang at nabigyan ng serbisyong beterinaryo mula sa Magdalena, Laguna; Rosario, Batangas; at General Trias, Cavite.

> **"Malaki ang naitulong ng CHC sa mga beneficiaries ng programa dahil sa layunin nitong magkaroon ng magandang kalusugan ang mga alagang kalabaw. Kapag maganda ang kalusugan ng kalabaw, makakapag-produce ito ng high-quality na gatas na pinagmumulan ng kita at nakatutulong sa kabuhayan ng mga magkakalabaw sa Magdalena.**

**BILANG NG NAKINABANG AT NABIGYAN NG SERBISYONG BETERINARYO**

**671** DAIRY FARMERS

**1,810** ALAGANG KALABAW

**#KapangyarihanNgAI**
**#Oh-mAI-Kalabaw**




Layon ng OMK!, isang kampanyang isinasagawa ng DA-Philippine Carabao Center, na palaganapin ang serbisyong AI sa buong bansa at pataasin ang populasyon ng mga kalabaw na may mataas na lahi. Sa paraang ito, tataas ang produksyon ng gatas sa bansa at lalago ang mga industriyang salig sa iba't iba pang produkto na galing sa kalabaw katulad ng karne at balat.

**DR. EDWIN C. ATABAY**
Subject Matter Specialist
Scientist II, DA-PCC National AI Coordinator

**ROWENA S. GALANG** OMK! Program Director • **MICHAELA A. LINDAIN** OMK! Program Manager • **DON MIGUEL C. CAPARIÑO** Creative and Graphics Specialist • **MA. CECILIA I. MARIANO, FRANCE JOSEPH O. PASCUAL, RONALINE C. CANUTE** Content Specialists • **MAR KRISTOFFER V. DELIZO** Multimedia Specialist • **DA-PCC OPERATIONS GROUP** • **REGIONAL KNOWLEDGE MANAGERS**

BAGONG PILIPINAS